

Universal Events In The Last Days

Matt. 24:1-10; Heb. 12:25-28

- A. Universal and Natural Catastrophes and Social Disintegration
1. Heb. 12:25-28. Sa mga huling araw ay yayanigin ng Panginoong Jesucristo ang lahat ng mga bagay na mayayanig, samakatuwid, ang buong sanlibutan. Ito ay tinatawag na **universal catastrophe**.
 2. Kaalinsabay nito ay ang paglaganap ng pagyanig dito sa planetang lupa at pagngangalit ng karagatan at paghihirap ng kapanahunan. Iyon ang mga **natural catastrophes**. Diyan ay walang makakaiwas. Tayong lahat ay napaloob sa kapanahunan na tinatawag na huling mga araw na doon ay magkakaroon at magaganap itong mga pangyayari na mga “universal and natural catastrophes”.
 3. Social Disintegration. Susunod sa natural catastrophes ay ang **social disintegration**. Ito ang pagkabuwag ng **pamilya o tahanan o sambahayan**, at pagkatapos ay ang pagkabuwag ng **lipunan at samahan o kapisanan** ng mga tao. Titindi at lalago ang kasamaan kaya ang pagibig ng marami ay lalamig¹ at ang mga magkakamaganak ay magkakanulo sa isa't isa.² Kaya mabubuwal ang **pamilya**, mabubuwal ang **lipunan at pagsasamahan** ng tao. Dadami at dadami ang mga **broken homes** o mga **tahanan na wasak** dahil sa paglamig ng pagibig ng marami dahil sa pagtindi ng kasamaan ng tao.
 4. Sa pagitan ng natural catastrophe at ang social disintegration, magaganap ang “nations shall rise against nations and kingdoms shall rise against kingdoms” at magaganap naman ang mga pagpapahirap sa buhay, kabuhayan at kalalagayan ng tao, gaya ng taggutom, salot at mga lindol at mga calamidad³. **Kaya alam ng tao na siya ay nahaharap sa maraming suliranin at hamon sa buhay na kinakailangang malutas** upang ang buhay ng tao at lipunan ay makapagpapatuloy sa pamamagitan ng karunungan at kakayahan ng tao na isulong ang masagana na buhay at kabuhayan.
- B. Knowledge in the last days shall increase. Ngayon, sa Dan. 12:4 ay na-prophecy na sa panahon ng kawakasan, ang kaalaman ay lalago. Noong 1960-1970, maraming R&D Foundations na sa kanilang pagsasaliksik ng mga likas na kayamanan (natural resources) at sa pagkasangkapan ng agham at pagkasangkapan ng kaalaman at kakayahan ng tao (science and technology) ay nagkaroon ng **scientific prediction** na ang sangkatauhan ay darating sa panahon ng malaking pagsulong at kasaganahan dahil sa mga **scientific breakthrough** because of **science and technology**. Iyan daw ang magdadala ng **malaking kasaganahan** dito sa planetang lupa.
1. Summarizing the past 50 years of discoveries in science, technology, engineering, medicine and mathematics:
 - a. **1960-laser; 1961-cracking the DNA code; 1962-environmental movement; 1964-cosmic microwave background radiation (fossil footprint of the big bang); 1967-first human to human heart transplant; 1969-moon landing and the Internet;**
 - b. **1970-first cancer-causing gene is discovered; 1972-medical scanners: first CT scanner is created; 1976-NASA's Mars Viking probes land on Mars and send back the first color pictures; 1978-data encryption allow secure communications** in military and internet commerce by data encryption;
 - c. **1980- farewell to smallpox; 1983-HIV virus identified;**

¹ Mat 24:12 And because iniquity shall abound, the love of many shall wax cold.

² Mat 24:10 And then shall many be offended, and shall betray one another, and shall hate one another.

³ Mat 24:7 For nation shall rise against nation, and kingdom against kingdom: and there shall be famines, and pestilences, and earthquakes, in divers places.

- d. **1996-first cloned mammal**: Researchers announce the birth of Dolly the Sheep; **1998-human embryonic stem cells isolated**: First human embryonic stem cells are isolated raising hopes for new cell-based therapies.
2. The Promise of Humanism⁴-not realized. Lahat ng mga pangako na iyan, ang premise ay humanism. Ang sangkalan ng lahat ng iyan ay ang kakayahan ng tao at values ng tao. Ang sangkalan ng lahat ng iyan ay ang tinatawag na “humanism.” Ito ay isang pananaw at kaisipan at paniniwala na ang tao, imbes na Panginoong Dios, ang pangunahing makakapagtaguyod sa isang maunlad na pagsulong na pamumuhay at kabuhayan ng tao at masugid na lumutas ng suliranin ng tao at lipunan, ang lulutas n lshst nh ito ay ang tao sa pamamagitan ng kakayahan, karunungan, agham at technologia.
- a. Bagamat nangyari at nangyayari nga sa ating kapanahunan, na sa huling mga araw ay lumago at lumalago pa ang kaalaman ng tao, ay **matining o malinaw na hindi tutoo na iyong cumulative work ng human civilization** sa science and technology ay **magdadala ng global peace, order and prosperity**. Iyan ang pinapangako ng maraming tao at iyan din ang ipinapangako ng mga politico na hindi natutupad. Mga iyan ay puro mga pangako na ibinabatay sa abot kaya ng tao at sa kaniyang science and technology.
- b. **Jesus factor is not in the equation**. Sa ganong equation ng humanism, hindi isinasama sa equation ang Panginoong Jesucristo. Ang **consideration lamang** ay ang pagsisikap ng tao at **kung ano ang mahalaga sa tao**. Hindi pinaguusapan dito kung ano ang **mabuti o masama**, kung ano ang **tama o mali**. Puro nakasangkalan ang pagsulong ng buhay at kabuhayan ng tao sa **kakayahan, karunungan**, sa kung **ano ang mahalaga sa tao**, hindi isinasaalang-alang kung ano ang **tama, matuwid, tutuo sa Panginoong Jesucristo**.
- c. Iyong kakayahan ng sanlibutan ay **hindi maaaring self-sustaining** dahil sa **kasamaan ng tao ay naging self-destructive**. Hindi naitataguyod ang sarili o **kapakanan at kabutihan ng lahat** na kinauukulan sapagkat **karaniwan na ang kakayahang ng sanlibutan ay nakakasangkapan sa makasalanang paraan**. Kaya sa halip na ito’y makapagtaguyod sa ikabubuti ng lahat na kinauukulan, ito pa mismo ang **nagwawasak sa lahat**. **HALIMBAWA:**
- 1) ang agham at technologia ay maaaring makakasangkapan sa mapayapang gamit. Ngunit ngayon ito ay ginamit upang gumawa ng **sandatang pamuksa** upang **utasin na ang sangkatauhan** o upang **wasakin ang lahat na ipinundar** ng tao sa nakaraang kapanahunan.
 - 2) The 20th Century has witnessed remarkable **changes:**
 - a) **in family structures:** (1) **smaller household sizes**, a further **shift from extended to nuclear families**, (2) **decrease in nuptiality** and an **increase in separation or divorce**,
 - b) **of new forms of unions such as** (1) **unmarried cohabitation** and (2) **living-apart-together**, (3) **changing gender** and (4) **intergenerational relations**, and

⁴ Humanism- an outlook or system of thought attaching prime importance to human rather than divine or supernatural matters. Humanist beliefs stress the potential value and goodness of human beings, emphasize common human needs, and seek solely rational ways of solving human problems. Humanism—in simplest terms, the belief in the have faith in the future of man, unity of the human race and man’s potential to perfect himself by his own efforts. Secular humanism is the belief that moral behavior should be centered around man and not God, and that moral relativism should prevail. Humanism and socialism have much in common. Secular humanists believe socialism is best suited to promote their beliefs, and is the next step in humanity’s advancement. And socialism cannot work well where traditional religions flourish.

(5) a substantial decrease in fertility or virility, often to below-replacement levels.

These changes in socio-cultural factors combined to accelerate the disintegration or even the end of the family. These changes have raised considerable concern, if not panic, among some researchers and policy makers. (Major Trends Affecting Family Life in the Millenium, Cooper, 1986; Kaufmann, 1991).

3. The Tower of Babel. Sa sandali na ganoon ang perspective ng tao, para ka lamang umaasa sa Tore ng Babel, kagaya ng mga unang tao sa Lumang Tipan pagkatapos ng malaking deluvio. Akala nila kaya nilang maabot ang langit at Diyos sa pamamagitan ng pagtatayo ng Tore sa Babel sa pamamagitan ng kakayahan, karunungan (science and technology) and by communal living and promoting the cohesiveness of human society by just human efforts and capabilities.
 - a. The people used their science and technology: They used bricks (man-made bricks in place of naturally made stones) and slime (man-made asphalt/bitumen in place of naturally occurring mortar)
 - b. It is an affront (insult, disrespect) to the Lord Himself. They would build a tower whose top might reach to heaven, which bespeaks a defiance of the Lord. Gusto nilang maabot ang El Elyonn (the Most High God) hindi sa pamamagitan ng kabanalan at pagkamatuwid kundi sa pagiging palalo o kayabangan (pride⁵) ng tao kung ano ang magagawa o kakayahan niya. makakamtan, or would come as near him as they could, not in holiness but by on what man can do or accomplish. Pro. 16:18 Pride goeth before destruction, and an haughty spirit before a fall. Lk. 14:11 For whosoever exalteth himself shall be abased; and he that humbleth himself shall be exalted.
 - c. They wanted to make a name for themselves so their posterity would know that there had been such men of reknown leaving a monument of their pride, and ambition, and folly. "It was done in disobedience to that command (Gen. 9:1), Replenish the earth." God orders them to disperse they say, "No, we will not, (Hindi, kapit-bisig kami, sama-sama kami, kaya namin ito)."
 - d. Ngunit kahit na anong dunong ng tao, kahit na anong kakayahan ng tao, kapag ang tao ay laban sa kagustuhan at kalooban ng Panginoon, walang magagawa ng tao na magtagumpay sapagkat lahat ng rebellion laban sa Panginoong Jesucristo simula kay satanas ay hindi nagtatagumpay sapagkat Matt. 12:30. Sa lahat ng laban sa Panginoon at ang Kaniyang pinahiran ay tatawanan ng Panginoon. Ps. 2:4 He that sitteth in the heavens shall laugh: the Lord shall have them in derision.) Sapagkat sabi ng Panginoong Jesucristo, pagka ang pinapangahalagahan ng tao ay sa tao at hindi sa Panginoon, iyan ay kay satanas dahil tinawag Niya si Pedro na satanas dahil si Peter "savorest the things of man and not the things of God." Any thing pursued that savor the things of man and not the things of God is satanic. (Matt. 16:23)
4. Kaya kapag ang equation ng prosperity o aspirations ng tao ay hindi kasama ang Jesus factor o hindi determining consideration ang gusto ng Panginoong Jesucristo at ang tanging consideration are the things which man savors, iyan ay tiyak na maging self-destructive. Kaya iyong "Humanism," because it is not committed and submitted and subjected to the Lord Jesus Christ, will pass away. Ang lahat ng iyan ay maglalaho at magigiba. Ang tao rin ang gigiba sa sarili niyang itinayo kung ang kaniyang buhay ay labag o suwail sa Panginoong Jesucristo. Kaya nagpupumilit ang tao na sa kakayahan

⁵ Gen 11:4 And they said, Go to, let us build us a city and a tower, whose top may reach unto heaven; and let us make us a name, lest we be scattered abroad upon the face of the whole earth.

ng tao, agham at technologia na magkaroon ng **global peace, order and prosperity** (na naka-premise sa humanism) ngunit hindi lamang sila mabibigo kundi maging biktima ng lahat ng ganitong exercise in futility. At ito ay nakikita natin ngayon sa ating kapanahunan. Iyan ang **mangyayari sa huling mga araw na ito**. Mga iyan ay dala ng:

5. Maliwanag na sinabi ng Panginoong Jesucristo sa **Jn. 16:33** na sa sanlibutan magkakaroon kayo ng **kapighatian**. Iyon ang aabutin lamang ng tao sa sanlibutan. **Hindi kapayapaan, hindi kaayusan at hindi kasaganahan**. Hindi iyan maidudulot ng sanlibutan sa sangkatauhan at hindi iyan matatamo ng tao buhat sa sanlibutan sapagkat maliwanag na sinabi ng Panginoong Jesucristo na sa sanlibutan na magkakaroon ng kapighatian dahil sa sanlibutan magkakaroon ng **“natural catastrophe”** at **“social disintegration”** na kalakip ng pagkakaroon ng **salot at taggutom** sa palawak ng palawak na dako sa planetang lupa. Kaya imbes na umasa sa sanlibutan na nasa kagipitan, ang tao ay hindi dapat sa sanlibutan umasa kundi sa Panginoong Jesucristo. Sa Panginoong Jesucristo tayo magkakaroon ng:
 - a. **Peace o Kapayapaan**. Kay Jesus magkakaroon kayo ng kapayapaan. Hindi ang sanlibutan ang nagdudulot nito. Si Jesus ang ating kapayapaan sa sanlibutan.
 - 1) Sangayon sa Panginoong Jesucristo ay may dalawang uri ng kapayapaan na itong dalawa ay magkahiwalay at magkatunggali. (Jn. 14:27)
 - a) Kapayapaan na ibinibigay ng Panginoong Jesucristo
 - b) Kapayapaan na ibinibigay ng sanlibutan
 - 2) Ayon sa **1 Thess. 5:1-3**, sa mga huling araw bago dumatig ang huling araw o ang araw ng pagtutuos ng Panginoong Jesucristo, bago Niya isaganap ang ikalawang pagparito, marami ang magsasabi sa sanlibutan ng **“Peace and safety; then sudden destruction cometh upon them.”** Subalit ang itinuturo ng Panginoong Jesucristo ay ang mga tanda ng malapit na Niyang pagbabalik ay makakarinig sila ng mga digmaan at alingawngaw ng digmaan⁶.
 - a) Samakatuwid, ang **“kapayapaan at kaligtasan”** na narito at dulot at gawa ng tao o dulot ng sanlibutan ay kapayapaan na kadalasan sa pagkakasundo sa mali. Kinakailangang magkaroon ng compromise sa mali para magkaroon ng kasunduan. The truth of the Lord Jesus Christ is compromised with the evil of this world to attain peace that the world gives. Binubura na ang pagkakabukod ng tama doon sa mali. Wala nang absolute truth at nagkakaroon ng relative truth. Samantalang sa Banal na Kasulatan, mayroong absolute truth, ang Panginoong Jesucristo – si Jesus ang ganap at sakdal at di mabubuwig at nagpapatuloy magpasawalang hanggan na katotohanan.
 - b) Halimbawa: Ang China ay nagpadala ng tulong sa mga Yolanda typhoon victims sa halagang \$100,000 bilang pakitang-tao lamang dahil sa hindi natin pagsangayon sa ginagawang pag-agaw ng China ng ilang isla sa ating territory. Ngunit noong pinuna ng international community iyong paltry (insignificant) amount mula sa isang bansa na ikalawang pinakamalaking economiya ay nakaisip ang China na dagdagan ang padala na tulong sa halagang \$1.6M at pinasamahan pa ng kanilang medical ship na kanilang tinawag na “Peace Ark”, yet China continues to bully Japan, Korea, Taiwan and the Philippines on the issue of territorial islands.
 - 3) Itong marupok na kapayapaan na dulot ng mundo ay dahil:

⁶ Mat 24:6 And ye shall hear of wars and rumours of wars: see that ye be not troubled: for all these things must come to pass, but the end is not yet.

- a) ayaw tanggapin ng mundo ang **patakaran at panuntunan at katuwiran** ng Panginoong Jesucristo
- b) at sa halip na Siya ang parameter o yardstick o standard of living,
- c) ang tao ay kumakatha ng kani-kanilang pamantayan ng buhay kaya nagiging relativistic ang kanilang ethics
- at iyong sinasabing kapayapaan na sinasapit o nakakamtan dito sa sanlibutan ay kapayapaan na nagaganap sa pagkakasundo sa mali; pagkakasundo hindi sa sangayon sa kagustuhan o sakdal na kalooban (perfect will) ng Panginoong Jesucristo. At ang kapayapaan na iyon ay masisira o mawawasak na kasama ng sanlibutan. Ang sabi ng Panginoon, ang mga nagsasabi ng kapayapaan na dulot ng sanlibutan ay biglang darating sa kanila ang pagkawasak.
- b. **Order o Kaayusan.** Tungkol sa order, itong sanlibutan na ito, wala dapat kaayusan na umiral dito kundi iyong kaayusan ng Panginoong Jesucristo. Iyong order ng Panginoong Jesucristo ay napakapayak, yaong order para sangkatauhan at para sa buong sanlibutan.
- 1) **Iyan ay nakapaloob** sa Kaniyang panawagan sa Kaniyang mga alagad, **“Come, follow Me.”** Halina at Ako ang sundin ninyo. Itong utos at kaayusan ng Panginoong Jesucristo ang order na dapat umiral sa sanlibutan. Hanggat ang tao ay hindi sa Panginoong Jesucristo sumusunod, lahat na iyan ay gulo. Kapag ang tao ay sa Panginoong Jesucristo **sumunod, saka pa lang maayos nang tamang ayos at angkop na ayos sa lahat ng kaniyang buhay.**
 - 2) Sa Eccl. 3:9-11 ay sinasabi, **“He has made everything beautiful (maganda) or appropriate (angkop) in His time.”** Hindi maaangkop ang lahat sa pamamagitan lamang ng pagpupunyagi ng sanlibutan. Ang pagkakaangkop ng lahat at bawat isa ay **hasa kamay at kapasiyahan at paggawa ng Panginoong Jesucristo** sa lahat ng mga kinauukulan. Kaya kung nais natin ang **kaayusan ng pansariling buhay, pantahanan, panlipunan, pampamahalaan, pambansa, pangplanetang lupa, pangsanlibutan – isa lamang ang dapat masusunod.**
 - 3) Sundin nating lahat ang Panginoong Jesucristo at mayroon naman Siyang katiyakan sa **Jn. 8:12** – **“Ang sumusunod sa Akin ay lumalakad sa liwanag ng buhay. Kaya ang tao, walang kapayapaan** kundi si Jesus, **walang kaayusan** liban nang tatalima sa tawag ng Panginoon na kay **Jesus sumunod ang lahat,** saka lamang magkakaroon ng **tamang kaayusan** ditto sa sanlibutan.
- c. **Prosperity o Kasaganaan.** Ang sanlibutan ay hindi makakapagdulot ng kasaganaan dahil ang sanlibutan ay **nauubos**. Kaya ang Panginoong Jesucristo ay naparito upang tayo ay dulutan Niya ng kasaganaan at upang Siya mismo ang magdulot sa atin ng magandang buhay. Sabi ng Panginoon sa **Jn. 10:10**, **“Ako ay naparito upang dulutan ko kayo ng buhay at kasaganahan nito.”** Ito ang matatamasa lamang sa Panginoong Jesucristo. Kaya ang **kapayapaan, kaayusan at kasaganahan** ay ang Panginoong Jesucristo lamang ang makapagdudulot sa atin at hindi ang sanlibutan. Kaya dito sa huling mga araw, walang dapat na maging **importante o pagukulan o kilanlin na mayroong absolute value**-walang pasubali at hindi mabubuwig na kabuuan sa lahat ng halaga kundi ang Panginoong Jesucristo.
- 1) Report ng ADB, ang Pilipinas ay 2nd fastest growing economy in Asia while Bloomberg surveys indicate Philippine economy could be among the five fastest growing economy in the world eyeing more or less 7% growth in GDP. Sabi ng iba, hindi darating sa ating bansang Pilipinas ang biglang pagkawasak dahil sabi ni Pinoy **“the country is no longer the “sick man of Asia.”** Ngunit ang sabi ng salita ng Dios **“man does not live by bread** alone but by every word that proceeds from the mouth of God. May apat na **pangunahing kasangkapan ng Panginoon ng pangwasak** sa

mga suwail sa Panginoong Jesucristo: **tabak, taggutom, salot, calamidad**. Ang ating bansa ay **sanay na sanay na tayo kasangkapan ng pagwasak** ng Panginoong Jesucristo **sa mga suwail** sa Kaniya. Halimbawa:

- a) **Sword. September 9, 2013.** Around 200 Moro National Liberation Front (MNLF) rebels marched on the City Hall there and tried to raise the “Bangsamoro Republik” flag to signal independence from the Manila government. Fifteen soldiers and police now are now dead along with at least 126 rebel fighters, while 109,000 civilians have been displaced into squalid camps amid a growing “humanitarian crisis,” according to the U.N. Muslim rebels and government have been **fighting for four decades** in a conflict that has left more than 150,000 people dead.

In 1996, Misuari signed a peace agreement with the Philippines, which created an autonomous Muslim region in the south. But he took up the fight again in 2001, saying government did not hold to the terms. 2) Right now, the Philippine government and the country’s largest Muslim rebel group, the Moro Islamic Liberation Front are in the final stages of a peace pact. Misuari has expressed misgivings about this pact, which would effectively replace the autonomous region with a new self-governing area. 3) A recent peace deal with the Moro Islamic Liberation Front (MILF) — which split from the MNLF in 1978 — prompted consternation among other groups, and led to “jockeying for position to be able to influence the situation when it comes to the implementation phase.”

- b) **Earthquake. October 15, 2013.** The Bohol earthquake was the deadliest earthquake in the Philippines in 23 years. The energy of the quake released was equivalent to 32 Hiroshima bombs. A rough estimate of the damages is expected to be at least at ₱2.2 billion. The earthquake struck as the Philippines was observing the Muslim holiday of Eid-al-Adha. Why does the Philippine government declare a national observation of a **muslim national holiday when only 5-9%** is muslim population? Is this not **compromising** the supposedly “Christian faith of the Philippines”?

- c) **Typhoon. November 7, 2013.** Some 3 weeks after the quake, Super Typhoon Haiyan (Yolanda) struck the Visayas region. ‘Yolanda’ death toll at **5,680; 1,779** still missing. 587,035 houses totally destroyed and another 593,802 houses damaged. disasters like Yolanda can create a **new generation of people with disabilities** when the injured do not always have timely access to medical and rehabilitation services. World Bank cuts 2013, 2014 Philippine growth estimates after typhoon. The Philippines expects growth to slow sharply in the fourth quarter, with the typhoon shaving off as much as **0.8 percentage point in GDP**, after cooling to its lowest in more than a year in the September quarter.

6. **Lalo lamang tumitingkad** ang sinabi ni Jesus **sa Matt. 4:4** na ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang o sa maidudulot ng sanlibutan na ito na mula sa karunungan at kakayahan ng tao na magproduce kundi ang tao ay mabubuhay sa bawat salita na nagmumula sa bibig ng Dios. When you take the Lord Jesus Christ **out of the picture**, when you take the Lord Jesus Christ **out of the equation of your formula for peace, order, prosperity and progress**, the **equation becomes unsolvable**. There are too many **unknowns and variables that are in the equation that we cannot control** because those unknowns and variables are **in the hands of the Lord Jesus Christ who is upholding all things by the word of His power**.

7. Tama na ang tao ay magpakasipag, magpunyagi na maitaguyod ang kaniyang buhay, pangisahan, pangpamilya, panglipunan, pampamahalaan, pangplanetang lupa, pangsanalibutan. Ngunit lahat ng pagsisikap niya na ito ay dahil siya ay nabubuhay sa pagsampalataya, pagsunod, pagtatalaga ng kaniyang lahat sa Panginoong Jesucristo. Ang buod ng lahat ng mga ito ay ngayong mga last days ay may dalawang mapagpipilian ng tao: sumama ka kay Jesus o kasama ka ng sanlibutan na mapapahamak. Ang sabi ng Panginoong Jesucristo sa Matt. 12:30, “Ang sinomang di sumasama sa Akin ay laban sa Akin. At ang sinomang laban sa Akin ay sumasambulat.” Walang mapagpipilian ng tao kundi sumama na mapahamak na kasama ng sanlibutan o magkaroon ng kaligtasan at buhay na walang hanggan sa Panginoong Jesucristo. Alin ba ang paglalaanan mo ng iyong lahat? Kay Jesus ba na Siyang ating kaligtasan sa kapahamakan ng sanlibutan na ito na Siyang ating buhay na walang hanggan o sa sanlibutan na nagiiba ng napakatulin ngayon na nauubos, gugunawin at mapapahamak? Kung sinasabi mo na kay Jesus ang pinaglalaanan no ng iyong lahat, ibig sabihin ang buong buhay mo ay nakatalaga na kay Jesus.

Evangelistic Fiesta, LWUA Multi-Purpose Hall, 15 December 2013